

## Patnubay sa Pag-aplay sa mga Slots na Tanging Nilaan para sa mga Dayuhang Mag-aaral sa Taong 2021

Hyogo Prefectural Ashiya Senior High School  
6-3 Miyagawa-cho, Ashiya 659-0063  
TEL 0797 - 32 - 2325, FAX: 0797 - 32 -2327

### 1. Bilang ng Tatanggaping Mag-aaral: Tatlong Mag-aaral

sa Kurso Base sa Sistema ng Kredito (pang-araw na pangkalahatang kurso) (general course)

(Ang bilang ng tatanggaping mag-aaral dito ay bukod pa sa bilang ng mga mag-aaral na tatanggapin sa pangkaraniwang pagpili ng mga mag-aaral.)

### 2. Mga Kinakailangang Katangian para sa Aplikasyon

Ang maaaring mag-aplay sa mga slots na tanging nilaan para sa mga dayuhang mag-aaral ay mga mag-aaral na tumutupad sa lahat ng sumusunod na (1)-(3).

- (1) Mga mag-aaral na may nasyonalidad ng ibang bansa at sa araw ng Marso 31, 2021 ay tatlong taon o mas maikli ang panahon ng pagtira sa bansang Hapon.
- (2) Mga mag-aaral na magtatapos ng Junior High School sa Marso, 2021 o mga mag-aaral na nakatakda sa Artikulo 57 ng Batas ng Edukasyon ng Paaralan (School Education Law) o nakatakda sa Artikulo 95 ng kautusan ng pagpapatupad ng Batas ng Edukasyon ng Paaralan. (Mga mag-aaral na nagtapos o magtatapos sa Marso, 2021 ng 9 na taon na kurso sa edukasyon sa paaralan sa ibang bansa.)
- (3) Mga mag-aaral na naninirahan sa loob ng prepektura at magpapatuloy manirahan sa loob ng prepektura kasama ang mga magulang, o mga mag-aaral na lilipat sa loob ng prepektura bago o sa araw ng Abril 7, 2021 at magpapatuloy manirahan sa loob ng prepektura kasama ang mga magulang.

### 3. Lugar ng Paaralan: Buong Prepektura ng Hyogo (Hyogo Prefecture)

### 4. Panahon ng Aplikasyon

- (1) Panahon ng Aplikasyon: Pebrero 3 (Miyerkoles) ~ Pebrero 5 (Biyernes), 2021
- (2) Oras ng Pagtanggap: 9:00 ~ 16:30 (9:00 ~ 12:00 lamang sa araw ng Pebrero 5 (Biyernes))
- (3) Lugar ng Pagtanggap: Tanggapan ng paaralang ito

### 5. Pamamaraan ng Aplikasyon

- (1) Maaaring mag-aplay ng kurso ng paaralan ng isa lamang sa unang aaplayang paaralan. Maaaring piliin ng aplikante ang isa o ilan pang paaralan na nais pasukan bukod sa unang aaplayang paaralan sa pamamagitan ng pagsulat ng paaralan sa Application Form.
- (2) Kailangang ipasa ng aplikante ang mga dokumentong nakasulat sa ①- ⑧ sa ibaba at ang bayad para sa eksamen (idikit ang 2,200 yen na revenue stamp ng Prepektura ng Hyogo (*Hyogoken shunyushoshi*) sa nakatakdang lugar sa porma ng aplikasyon.) sa punong guro (principal) ng paaralang ito sa pamamagitan ng punong guro (principal) ng pinanggalingang Junior High School, o punong guro (principal) ng paaralang pinakahuling pinasukan na paaralan sa ibang bansa ng aplikante mula Pebrero 3 (Miyerkoles) hanggang Pebrero 5 (Biyernes), 2021. Ang oras ng pagtanggap ay 9:00 ~ 16:30 (9:00 ~ 12:00 lamang sa araw ng Pebrero 5 (Biyernes)).

Maaari ring ipadala sa pamamagitan ng koreo ang ipapasang mga dokumento ngunit kailangang ipadala sa simpleng registered mail (*kan-i kakitome*) na may nakatakdang petsa ng pagdating (Ang petsa ay dapat Pebrero 3 (Miyerkoles) o Pebrero 4 (Huwebes), 2021. At isulat lamang ang "Nakalakip ang Application Form" (*Gansho Zaichu*) sa harap ng sobre).

Ilakip lamang ang sobrang nakasulat ang papadalhang tirahan, na ang laki ay no. 3 (12cm×23.5cm) na may nakadikit na 374 yen na stamp (kasama dito ang halaga ng express delivery. Kung maraming ID para sa eksamen ang kailangang ipadala, idikit lamang ang stamp na kinakailangang halaga depende sa bigat.) para sa pagpapadala ng ID para sa eksamen sa aplikante.

[Ipapasang mga Dokumento]

- ① Application Form at ID para sa Eksamen (*Nyugakugansho -Jukenhyo*) (Form na itinakda ng paaralang ito. Kailangang idikit ang 2,200 yen na revenue stamp (*shunyushoshi*) ng Prepektura ng Hyogo sa nakatakdang lugar ng papel.)
- ② Kahilingan na Mag-aplay sa Mga Slots na Tanging Nilaan para sa Mga Dayuhang Mag-aaral (Form 20)
- ③ Ulat ng Katayuang Pang-akademiya (School report, *chosasho*) (Form 1) o katibayan ng mga grado (academic transcript) ng huling pinasukang paaralan ng mag-aaral sa ibang bansa o katumbas nito
- ④ Dokumentong nagpapatunay na ang mag-aaral ay may nasyunalidad ng ibang bansa at dokumentong nagpapatunay na ang panahon ng pagtira sa bansang Hapon (sa araw ng ika Marso 31, 2021) ay tatlong taon o mas maikli (Kopya ng katibayan ng rehistro ng paninirahan (certificate of residence, *jumin hyo*) at kopya ng kasulatan na nagpapatunay ng petsa ng pagpasok sa bansang Hapon, at iba pa)
- ⑤ Kung ang taga-pangalaga ng menor-de-edad na mag-aaral ay tagapag-alaga, magpasa ng dokumento ng pahayag na pinapatunayan ng punong guro ng Junior High School (anumang form)

- ⑥ Dokumento ng Litrato (**Form na itinakda ng paaralang ito.**) (Ang laki ng litrato ay 40mm ang haba at 30mm ang lapad.)
- ⑦ Dokumento para sa Panayam (Interview) (Form na itinakda ng paaralang ito. Ang aplikante mismo ang kailangang sumulat nito.)
- ⑧ Iba pang mga dokumentong kakailanganin ng punong guro ng Senior High School na kanilang aaplayan.

## 6. Pagbabago ng pag-aaplay

Ang aplikante ay maaaring magbago ng aaplayang paaralan nang isang beses lamang sa loob ng panahon ng pagbabago ng pag-aaplay. Ang mga pamamaraan para dito ay tulad ng nakasulat sa ibaba.

- (1) Ang panahon ng pagbabago ng pag-aaplay ay Pebrero 8 (**Lunes**) ~ Pebrero 9 (**Martes**). Ang oras ng pagtanggap ay 9:00 ~ 16:30 (9:00 ~ 12:00 lamang sa araw ng Pebrero 9 (**Martes**)).
- (2) Ang mga aplikanteng magbabago ng aaplayang paaralan ay kailangan munang magpasa ng Kahilingan ng Pagbabago ng Aplikasyon (A) at (B) (Form 8-A) sa punong guro ng kanilang inaplayang Senior High School sa pamamagitan ng punong guro ng Junior High School. Pagkatapos matanggap ang nakatakdang pinatunayang papel (B) at isinauling mga dokumentong nakasulat sa 5 (Ngunit ang Application Form ay kopya lamang.), ipapasa ang mga ito sa punong guro ng kanilang aaplayang Senior High School. Ngunit ang mga aplikanteng naninirahan sa ibang bansa sa loob ng panahon ng pagbabago ng pag-aaplay ay hindi kailangang dumaan sa punong guro ng Junior High School.

Ang ID para sa Eksamen ng unang inaplayang Senior High School ay kailangang isauli sa paaralang iyon.

## 7. Panayam (Interview) at Eksamen

- (1) Petsa ng Eksamen: Pebrero 16, 2021 (**Martes**)
- (2) Lugar ng Eksamen: Paaralang ito
- (3) Talaan ng Eksamen

Pagtitipon	Paliwanag	Eksamen I (Wikang Hapon)	Eksamen II (Math)	Eksamen III (Ingles)	Tanghalian	Panayam (Interview)
8:20	8:30 ~ 8:40	9:00 ~ 9:40	9:55 ~ 10:35	10:50 ~ 11:30		12:20 ~

※Sa eksamen I (wikang Hapon) sisiyasatin ang basic na kakayahan sa wikang Hapon. Sa eksamen II at III sisiyasatin ang basic na kakayahan sa pag-aaral tulad ng kaalaman, kasanayan at kakayahan ng pag-iisip o pagpapasiya upang gamitin ang kaalaman at kasanayan base sa Curriculum Guideline ng Junior High School. Lalagyan ng hiragana ang mga *kanji* sa mga tanong sa eksamen..

※Ang panayam (interview) ay isasagawa ng isa-isa sa bawat aplikante, sa wikang Hapon.

### (4) Mga Kailangang Ingatan

- ① Kailangang magtipon sa tanggapan ng paaralang ito bago dumating ang 8:20 sa araw ng eksamen. Magdala ng pagkain (tanghalian), water bottle, sapatos panloob (tsinelas at iba pa) at supot upang ilagay ang sapatos na panlabas.
- ② Ang maaaring dalhin sa lugar ng eksamen ay ID para sa eksamen, pansulat (lapis o mechanical pencil at pambura), ruler, compass at relo.  
Ang mga bagay na nakasulat sa ibaba ay bawal dalhin sa lugar ng eksamen.
  - (a) Panapin (shitajiki)
  - (b) Pencil case
  - (c) Triangle ruler, protractor
  - (d) Calculator (kasama ang calculator na may orasan)
  - (e) Ruler na may protractor, calculator at iba pa
  - (f) Relo at iba pa na may calculator, diksyunaryo at iba pa
  - (g) Cell phone
  - (h) Iba pang mga bagay na di-kailangan sa eksamen
- ③ Ang aplikanteng nahuli nang 10 minuto pababa sa simula ng bawa't eksamen ay maaaring kumuha ng eksamen ngunit hindi maaaring pahahabain ang oras ng eksamen.
- ④ Hindi maaaring lumabas sa gusali ng paaralan sa panahon ng tanghalian at pagpapahinga.

## 8. Pagpapahayag ng Mga Nakapasang Aplikante

- (1) Pagpapahayag ng Mga Nakapasang Aplikante  
Pebrero 21, 2021 (**Linggo**) 13:00 ~ 14:00

Ang mga kumuha ng eksamen ay kailangang ipakita ang ID para sa eksamen, tanggapin ang mga dokumento bago dumating ang oras na 14:00 sa araw ng pagpapahayag at tiyakin ang mga nakasulat dito. Magpapadala din ng kasulatan sa punong guro (principal) ng Junior High School upang ipaalam ang resulta.

(Hindi sumasagot ng mga tanong ukol sa resulta sa pamamagitan ng telepono.)

- (2) Pagpapaliwanag para sa Mga Nakapasang Aplikante

Ang mga nakapasang aplikante ay kailangang magtipon sa gym ng paaralang ito kasama ang kanilang mga magulang mula 13:00 hanggang 13:30 sa Marso 20, 2021 (**Sabado**).

## 9. Iba pa

- (1) Ang mga nakapasang aplikante ay hindi na maaaring mag-aplay sa mga pampublikong Senior High School sa loob ng prepektura.
- (2) May pagdinig ukol sa pagpasok para sa mga nakapasang aplikante pagkatapos ng pagpapahayag ng mga nakapasang aplikante. Ipapaalam ang petsa at oras sa ibang araw.
- (3) Kung ang hindi nakapasang aplikante ay mag-aaplay sa mga kursong gagawa ng eksamen at iba pa sa Marso 12, (**Biyernes**), kailangang mag-aplay muli batay sa Section 4107 ng "Patnubay para sa Pagpili ng Mga Papasok na Mag-aaral".
- (4) Ang mga nais mag-aplay sa paaralang ito para sa mga slots na tanging nilaan para sa mga dayuhang mag-aaral ay sumangguni lamang sa pamamagitan ng junior high school at iba pa bago mag-aplay.  
[Tagapag-asikaso sa nauunang pagsangguni] Pangalawang guro (vice-principal) ng paaralang ito

TEL: 0797-32-2325

Kakaibang Edukasyon ng mga Paaralang Maglalaan ng mga Slots  
para sa mga Dayuhang Mag-aaral, sa Taong 2021

○ Hyogo Prefectural Kobe Kohoku Senior High School

Layunin ng Edukasyon	Katangian ng Kurikulum
<p>Nakahanda sa paaralang ito ang iba't ibang mga napipiling subject na nakakatulong sa mahusay na pagpapalaki ng bawat mag-aaral. Nilalayon ng paaralang ito ang pagpapatupad ng pangarap at career, pagpapaunlad ng pananabik at ugali upang makatulong sa international society, at paghubog ng taong masagana ang katangian at kalooban na nagmamahal sa kalikasan at tao, sa pamamagitan ng maingat na pagtuturo. Isasagawa ang iba't ibang aktibidad ng edukasyon base sa sumusunod na tatlo bilang patakaran: Pagtaguyod sa edukasyon na naaayon sa globalization, Paghubog ng "matatag na kakayahang matuto" at Paghubog ng "masaganang kalooban".</p>	<p>Ang mga mag-aaral ay makakapili mula sa mahigit sa 100 napipiling subject base sa kanilang ninanais na trabaho o landas na susundin sa hinaharap, at makakagawa ng kanilang sariling time schedule. Nakahanda ang iba't ibang napipiling subject tulad ng "Kultura sa pamumuhay sa Asia", "Musika sa Asia", "Indonesian", "Vietnamese", "Korean", "Chinese" at "Volunteer practice". Isinasagawa din ang mga klase na kaunti lamang ang bilang ng mag-aaral, mga klase na pinalalawig sa pagtuturo ng mga taong nagtatrabaho na at mga dalubhasang institusyon. Maaaring matupad ng bawat mag-aaral ang kanyang ninanais na makapasok sa pamantasan at ang landas sa hinaharap sa pamamagitan ng mabait at maingat na patnubay ng pagtuturo.</p>

○ Hyogo Prefectural Ashiya Senior High School

Layunin ng Edukasyon	Katangian ng Kurikulum
<p>Base sa salawikain ng edukasyong "Pagsasarili", "Kalayaan" at "Paglikha", nahuhubog sa paaralang ito ang mga taong masagana ang kalooban at marunong tumayo sa sariling paa. Isinasagawa ang aktibidad pang-edukasyon na ginagamit ang kagalingan ng sistema ng kredito sa pamamagitan ng kurikulum na may career education tulad ng "AUSS Job Navi", "AUSS Future Course Navi" at "AUSS Campus" at iba't ibang nakatakdang subject. Nilalayon din ng paaralang ito ang pagpapalaki ng taong masiglang makakatulong sa global society bilang leader sa pamamagitan ng masiglang aktibidad ng student council at aktibidad ng mga club, school tour sa Taiwan, at pag-aaral ng wika sa New Zealand.</p>	<p>Nakahanda sa paaralang ito ang mga malawak at mga dalubhasang subject na natutugon sa pag-aaral sa pamantasan, at mga kakaibang subject tulad ng "Practice of marine sports" at "Ashiya modernism" na ginagamit ang katangian ng heograpiya at kasaysayan ng Ashiya. Ginagawa din ang "programang nakikipagtulungan ang senior high school at pamantasan" kaya ang mga mag-aaral ay nakakasali sa karaniwang klase ng pamantasan at nagagamit ang kredito ng klase sa pamantasan bilang kredito sa senior high school. Naitatagtag sa mga mag-aaral mga ng kaalaman at kakayahan, at nakakapag-aral ng mga malawak na kaalaman sa pamamagitan ng mga klase na kaunti lamang ang bilang ng mag-aaral at mga klase base sa kakayahan ng mag-aaral. Tulad ng nakasulat sa itaas, ginagawa ang kurikulum na tumutugon sa kinakailangan sa pag-aaral ng bawat mag-aaral upang matulungan maitupad ang kanilang landas sa hinaharap.</p>

○ Hyogo Prefectural Itami Kita Senior High School

Layunin ng Edukasyon	Katangian ng Kurikulum
<p>(1) Paghubog ng mga taong masagana ang kalooban na kayang makitungo sa pagbabago ng lipunan, base sa salawikain ng paaralan: “<i>Shoshin</i> (orihinal na intensyon)”, “<i>Jiritsu</i> (pagtayo sa sariling paa)” at “<i>Rentai</i> (pagkakaisa)”.</p> <p>(2) Paghubog ng matatag na kakayahang matuto para matupad ang landas na nais sundin sa hinaharap. At pagtulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng hangad sa pag-aaral at landas na susundin sa hinaharap, base sa sistema ng edukasyon na sa pamamagitan ng mga subject na natatangi sa komprehensibong kurso tulad ng “industrial society &amp; human beings”.</p> <p>(3) Paghubog ng “<b>kakayahan upang makahanap ng landas sa hinaharap</b>” habang pinapahusay ang kakayahan sa paggawa ng mga presentasyon at komunikasyon sa pag-sasagawa ng mga sistematiko at praktikal na programa ng pananaliksik sa loob ng tatlong taon.</p>	<p>(1) Ang mga mag-aaral ay makakagawa ng kanilang sariling time schedule batay sa kanilang landas sa susundin sa hinaharap.</p> <p>(2) Nakahanda ang iba’t ibang mga dalubhasang subject at isinasagawa ang <b>maraming mga</b> klase na kaunti lamang ang bilang ng mag-aaral.</p> <p>(3) Ang paaralang ito ay patuloy na nagtatagumpay bilang paaralan base sa komprehensibong kurso na tumutulong para sa pagpasok sa pamantasan habang isinasagawa ang “sistematikong edukasyong angkop sa global career”.</p> <p>(4) Marami ding iba’t ibang mga school event tulad ng masiglang aktibidad ng mga klab, masigasig na pistang kultura at paligsahan, paglalakbay sa ibang bansa, at maikling panahong pag-aaral ng wika sa ibang bansa (Australia).</p> <p>(5) Nakaayos din ang kapaligiran para sa pag-aaral, tulad ng kagamitan at mga gusali para sa mga lecture, atbp, at malawak na ground.</p>

○ Hyogo Prefectural Kakogawa Minami Senior High School

Layunin ng Edukasyon	Katangian ng Kurikulum
<p>Bilang isang Senior High School base sa komprehensibong kurso, iminumulat sa mga mag-aaral na <b>matutunan ang</b> “kakayahan upang mamuhay”, hindi <b>madadala sa daloy ng</b> pagbabago ng lipunan at kayang makitungo nang matapang at angkop sa iba’t ibang suliranin na haharapin ng isa’t isa, at huhubuging maging isang taong marunong tumayo sa sariling paa na may malaking pangarap at mataas na hangad bilang isang miyembro ng lipunan at isang manggagawa. Para sa layuning ito, tutugunan ng paaralang ito ang iba’t ibang landas sa susundin sa hinaharap ng mga mag-aaral para sa pagpapatupad ng kanilang pangarap, sa pamamagitan ng pagturo sa kanila na mag-isip ng sarili sa lahat ng klase, sa mga aktibidad na makakapagbigay ng karanasan na makipagtulungan sa mga kapwa mag-aaral at mga tao ng bayan, at sa pag-aaral.</p>	<p>Binigay ng paaralan ang lahat upang matupad ang unang nais sundin na landas sa hinaharap ng bawat mag-aaral sa pamamagitan ng nakakahikayat na kurikulum na angkop sa katangian ng bawat mag-aaral at sistema ng maingat na pagtulong ng mga guro. Sa panig naman ng pag-aaral, nakahanda ang mga 120 napipiling subject na naaangkop sa nais sa sunding landas sa hinaharap at hilig o interes, at pahuhusayin ang batayang kakayahan sa math, English at napipiling mga subject sa mga klase na kaunting bilang ng mag-aaral. Nakahanda rin ang mga pagkakataon na makapag-aral sa sarili sa pamamagitan ng mga aktibidad na makakapagbigay karanasan tulad ng internship at boluntaryong mga aktibidad, at mga klase kung saan nagagamit ang tanging kaalaman at karunungan ng mga espesyal na part-time na mga guro.</p>

○ Hyogo Prefectural Kodera Senior High School

Layunin ng Edukasyon	Katangian ng Kurikulum
<p>Noong school year 1997, ang sistema ng paaralang ito ay binago at naging unang komprehensibong kurso sa Prepektura ng Hyogo. Batay sa salawikain ng paaralan na "Pagkukusang-loob", "Paglikha" at "Tiwala", ang layunin ng edukasyon ng paaralang ito ay paghubog ng "matatag na kaalamang pang-akademiko" at paghubog ng "kakayahan upang mamuhay" na upang magbukas ang mga mag-aaral ng kanilang hinaharap nang mapanlikha at mapagsarili.</p> <p>Sa natatanging pag-aaral sa komprehensibong kurso, pinapalawak ng paaralang ito ang mga katangian ng mga mag-aaral at ang pag-aalaga sa mga mag-aaral na nagsisikap upang matupad ng pangarap at hangarin. Sa pamamagitan ng sariling pag-aaral, nararanasan ng mga mag-aaral ang kasiyahan at tagumpay sa pag-aaral, napag-aaralan ang ugali at gana upang gawin ang aktibidad nang kusang-loob at masigla bilang mga mapagkakatiwalaang mamamayan ng lipunan.</p>	<p>Nakahanda ang iba't ibang subject na tangi sa komprehensibong kurso lamang. Ang mga mag-aaral ay maaaring matuto nang labis sa subject na kung saan sila interesado sa pagtuturo ng mga taong may propesyonal na kaalaman at kasanayan galing sa labas ng paaralan.</p> <p>Sa unang baitang, ang mga mag-aaral ay mag-iisip kung paano sila mamumuhay sa hinaharap sa klaseng "Lipunan ng industriya at tao (Industrial society and human beings)". Ang mga mag-aaral ay maaaring pumili ng mga pag-aaralang subject mula sa pangalawang baitang base sa kanilang hilig o interes, kakayahan at ninanais na landas sa hinaharap. Ang mapipiling grupo ng mga seryeng kurso ay "Liberal Arts, Socilogy at Natural Science", "Information Business", "Medical Nursing", "Childcare" at "Arts and Culture". Sinisikap ng mga mag-aaral na magtagumpay sa pagiging ang "Nais na maging sariling katauhan" sa pamamagitan ng maingat na patnubay at pagsangguni.</p>